# ANG KAHALAGAHAN NG MGA KABABAIHAN SA ATING LIPUNAN

Kadalasan, ang kababaihan ay tinuturing na mas mahina kaysa mga kalalakihan sa kadahilanan ng kanilang pisikal na kaanyuhan. Ito marahil ay nag-uugat sa pagtingin ng kababaihan noong sa unang panahon na ang mga kababaihan ay hindi kasama sa bilang ng lipunan, sa mga pagtatala noon (census).

Sa pag-ikot ng panahon, nakita ng mundo na malaki ang pakinabang ng mga kababaihan sa pag-unlad ng lipunan. Sa panahon ng himagsikan, nariyan ang mga matatapang na mga kababaihan upang ipaglaban ang karapatan ng mga kababaihan. Hanggang dumating ang panahon na ang pinuno ng bansa ay isang babae.

Sa usaping pamilya, ang mga kababaihan ang siyang naging kaagapay sa maayos at mapagmahal na samahan sa tahanan. Sila ang tinuturing na ilaw ng tahanan. Bilang isang ilaw, tinatanglawan nila ang kanilang pamilya sa liwanag na daan upang hindi madapa sa dilim. Bagamat masasabi natin na walang perpektong pamilya, ngunit ang isang ina o ilaw ng tahanan ay nagsusumikap na patahanin ang anumang sigalot na meron sa kanilang tahanan. Sa mga pag-aaruga ng isang ina, hindi matatawaran ang sakripisyong ipinamalas niya upang sa ganun ang kanyang tahanan ay magkaroon ng mapayapa at mapagmahal na ugnayan sa isat isa. Pansinin natin ang isang ina, kadalasan, sila ay mas malalapit sa kanilang mga anak at ito ay hindi lamang sa kanilang pagdadala sa kanilang sinapupunan sa loob ng siyam na buwan, kundi sa kanilang unang turo na laro sa mga anak. Ito ay ang “Close Open, Close Open.” Kaya, ang mga anak ay very close sa kanilang mga ina dahil sila ay Open sa isat-isa.

Sa usapin ng lakas ng loob, mas malakas ang loob ng isang babae dahil sa ating lipunan, mas nakakayanan nilang mamuhay bilang isang single parent. Ang mga kalalakihan ay mas marupok sa mga tukso. Sa ating lipunan sa ngayon, mapapansin natin na mas marami ang kababihan na sigle parent. Ang kababaihan ay may matibay at malakas ang loob na ipagpatuloy ang buhay kasama ang mga anak. Pansinin natin sa ating lipunan, mas marami ang matatandang babae na balo kaysa mga lalake. Ito ay nagpapatunay na mas may kakayahan ang babae na mamuhay na hindi naka dependi sa lalake.

Sa panahon ngayon, ako bilang isang lalake, tanggap ko ang isang kahalagahan ng isang babae sa pag-unlad ng ating lipunan, hindi lamang sap ag-aasikaso sa tahan, kundi sa pamumuno sa ating pamahalaan. Ang mahalaga sa ngayon ay mapag-usapan ng maayos ng mag-asawa ang bawat responsibilidad nila sa tahanan at sa kanilang komunidad. Kung mas Malaki ang kinikita ni babae at kailangan mamili kong sino ang mag-aasikaso sa kanilang tahanan, marapan na tanggapan ni lalake ang katotohanan na maging isa houseband.

Ipagpatuloy natin angmga karapatan ng mga kababihan at suportahan ng mga kalalakihan ang kanilang mga kakayahan.

JOEFFREY D. SEVILLEJO